**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Marso 5, 2025
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

## Distrito ng Hangin, inilunsad ang *Charge!* Program, na magpapalawak sa access ng Bay Area sa mga charger ng de-kuryenteng sasakyan

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang paglunsad sa proseso ng aplikasyon para sa grant ng *Charge!* Program para ma-access ang hindi bababa sa $10 milyong pondo ng grant para ma-offset ang gastusin sa pagbili at paglalagay ng mga bagong charger para sa mga light-duty na de-kuryenteng sasakyan sa mga pasilidad ng multi-family na tirahan, destinasyon, lokasyon ng parking para sa pampublikong transportasyon, at lugar ng trabaho sa buong Bay Area. Available ang pondong ito sa mga negosyo, kapisanan ng mga may-ari ng bahay, non-profit, pampublikong ahensya, at tribo. Tumatanggap ng mga aplikasyon ngayon hanggang Hunyo 6, 2025 nang 5 p.m.

Layunin ng programa na palawakin ang access sa mga charger ng EV sa pamamagitan ng pagtulong na gumawa ng charging network na makakasuporta sa hangarin ng Bay Area na gawing 90 porsyento ang mga EV sa pangkalahatang fleet ng sasakyan pagsapit ng 2050.

“Habang dumarami ang gumagamit ng EV, mahalagang tiyaking may access sa imprastruktura para sa charging na madaling gamitin at maaasahan sa mga lugar kung saan nakatira, nagtatrabaho, at namimili ang mga tao,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa pagsasapriyoridad sa pagpopondo ng EV sa mga komunidad na disadvantaged at may mababang kita, makakatulong tayo na gawing de-kuryente ang pinakamainam na opsyon sa pagmamaneho para sa lahat ng residente ng Bay Area.”

Isasapriyoridad sa *Charge!* Program ang mga investment sa mga lugar ng multi-family na tirahan, partikular sa mga lugar ng tirahang abot-kaya at may rate na mas mababa sa market rate, sa Mga Lugar ng Priyoridad na Populasyon gaya ng inilalarawan ng Lupon ng Mga Resource sa Hangin ng California, na nasa mga rural na lugar at rehiyong kaunti lang ang charger.

Ang minimum na magkakwalipikang grant para sa bawat iminumungkahing proyekto ay $250,000, maliban sa mga proyektong sino-sponsor ng pamahalaan at mga proyektong eksklusibong nasa mga lugar ng multi-family na tirahan, na dapat ay magkwalipika para sa minimum na grant na $10,000. Para sa higit pang impormasyon o para mag-apply, bumisita sa www.baaqmd.gov/charge.

*Nagmumula ang pondo ng Charge!* Program sa surcharge sa mga sasakyang de-motor na nakarehistro sa Bay Area na, mula pa noong 1991, sumuporta rin ng mga programa para sa mga sasakyan at imprastruktura para sa malinis na hangin, ride sharing, mga shuttle, at pagbibisikleta. Puwedeng may kasama ang programa na higit pang source ng pondo kung mayroon.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X, Facebook, Instagram, at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*